Mga Paalala sa mga Mamimili at nangangalakal ng LPG

Ang LPG ay isang produktong petrolyo na kung hindi mabigyan ng wastong pamamahala ay magdudulot ng sakuna. Kaya ang Department of Energy ay gumawa ng mga patakaran o alituntunin na katulad ng mga sumusunod na naaayon sa batas para mabigyang proteksyon ang mga mamimili pati na rin ang nagtitinda:

- Ang pagsumite ng mga kaukulang permiso o dokumento sa Department of Energy na manggagaling sa iba't-ibang ahensya ng pamahalaan bago magpatayo ng planta o pumasok sa pagnenegosyo ng LPG na nakasaad sa Sections 5 & 7, Rule II R.A. 8479.

- Ang pagkakaroon ng timbangan sa lahat ng tindahan at mga planta para masiguro ang tamang laman ng tangke.

- Ang paglagay ng karatula ng presyo ng produktong LPG sa tindahan para malaman ng mamimili kung magkano ang tinitindang LPG.

- Ang bawat tangke ay kinakailangang mayroong mga permanenteng marka na dapat nakalagay tulad ng pangalan ng gumawa, kung kailan ito sinuri, tare weight ng tangke, PS o ICC markings, at tatak o pangalan ng LPG.

- Ipinagbabawal ang hindi pagkabit ng selyo sa tangke paglabas sa planta kung ito ay may laman na. Sa mga dealer o retail outlet, dapat lahat ng tinitindang LPG ay may selyo at siguraduhing tama ang tatak ng selyo sa brand ng tangke.

- Dapat tama ang timbang ng tinitindang LPG. Makukuha ang tamang laman ng LPG sa tangke sa pamamagitan ng pagtimbang ng tangkeng may laman. Ibawas ang bigat ng tangke kung ito ay walang laman (tare weight). Ang laman ay dapat na 11 kilos para sa 11-kg na tangke. Hindi maaring bawasan ang laman ayon sa kagustuhan ng mga nagtitinda at babaan ang presyo nito.

BABALA!

Ang hindi pagtupad sa mga patakarang nabanggit sa ating paalala ay may kaukulang multa ayon sa Batas Pambansa 33 at Department Circular 2000-06-010 . Maari po lamang na ating alamin ang mga patakarang itinakda ng gobyerno upang madagdagan ang ating kaalaman hinggil sa pagpapatakbo ng ating negosyo at nang mabigyan ng dekalidad na produkto at serbisyo ang ating mga mamimili.

A consumer reminder from the

CONSUMER WELFARE AND PROMOTION OFFICE
DEPARTMENT OF ENERGY
Ground Floor, Annex Building
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig City, M.M.
Telefax: (02)840 -2267
Trunkline : (02) 840-1401 to 21 loc. 329

OIL INDUSTRY MANAGEMENT BUREAU
DEPARTMENT OF ENERGY
4th Floor, PNOC Building 6
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig City, M.M.
Telephone: (02) 840 -5669 / 840 - 2130
Trunkline : (02) 840-1401 to 21 loc. 127 / 122

Check our website at:
www.doe.gov.ph

February 2006

Consumer Talk . . .

Mga paalala sa mga Mamimili at Nangangalakal ng LPG

DEPARTMENT OF ENERGY

Siguraduhing mayroong selyo ang balbula ng tangke at mayroong "marking". Lahat ng planta ng LPG ay may kanya-kanyang selyong ginagamit sa bawat brand ng tangke. Dapat ayon o katulad sa brand ng tangke ang marking sa selyong gagamitin.

Lahat ng tangke ay dapat mayroong "Tare Weight Marking" na nakapinta sa balikat nito at ang mga letra ay may taas na isa't kalahating pulgada o mahigit pa.

Ang nakahinang na parte sa gitna ng tangke (sa pagitan ng upper at lower caps) ay dapat makinis. Tingnan din kung magkasing haba ang upper at lower caps ng tangke. Ang magaspang na pagkakahinang at hindi pantay na sukat ng upper at lower caps ay nangangahulugang ginawa ito sa mga illegal na repair shop. Ito ay delikadong gamitin.



Kailangan may permanenteng marka na naka-embossed sa collar o kuwelyo ng tangke tulad ng:
- *Pangalan ng gumawa at address ng nag-angkat*
- *Petsa ng paggawa ng tangke o petsa kung kailan sinuri*
- *PS/ICC Mark*
- *Bigat ng tangke kung walang laman o Tare Weight*
- *Serial Number*

Dapat malinaw na nakapinta sa katawan ng tangke ang tatak at pangalan o brand name ng tangke. At dapat nakalagay din ang neto na timbang.

Kailangan may permanenteng marka na naka-embossed sa footring ng tangke tulad ng:
- *Pangalan ng gumawa at address ng nag angkat*
- *Petsa ng paggawa ng tangke o petsa kung kailan sinuri*
- *PS/ICC Mark*
- *Bigat ng tangke kung walang laman o Tare Weight*
- *Serial Number*